American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-09, Issue-09, pp-137-158
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# KAUGNAYAN NG MULTIPLE INTELLIGENCES SA PAGTUTURO NG ASIGNATURANG FILIPINO AT PERFORMANS NG MGA MAG-AARAL SA BAYTANG WALO NG PEDRO GUEVARRA MEMORIAL NATIONAL HIGH SCHOOL, BATAYAN NG ISANG PANUKALANG GAWAIN SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO

Eric P. Castillo[1]

[1]*(Pedro Guevarra Memorial National High School, Santa Cruz, Laguna Philippine)s*
[2]*(School for Professional Advancement and Continuing Education- Manuel L. Quezon University -Diliman, Quezon, City, Philippines)*

**ABSTRACT :** Deskriptibong pagsisiyasat ang ginamit sa pananaliksik na ito upang malaman ang kaugnayan ng Multiple Intelligences sa pagtuturo ng Filipino at performans ng may 300 mag-aaral sa baytang walo ng Pedro Guevarra Memorial National High School.Bahagi rin ng pag-aaral na ito ang pitong (7) guro sa asignaturang Filipino sa ikawalong baytang, upang tuklasin ang istratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino batay sa Multiple Intelligences ng mga mag-aaral. Lumabas sa pag-aaral na higit na nakararami ang mga respondente o mag-aaral na naniniwala sa kanilang katalinuhan lalong higit kung ang pag-uusapan ay ang kanilang katalinuhang linguistic at interpersonal. Halos umabot sa kalahati ng bilang ng mga mag-aaral o respondente ang kanilang pagtataya sa iba pang mga karungan na kasama sa mga indikasyon ng pag-aaral sa mga sumusunod: Ang karunungang musical; malapit dito ang karunungang visual. Pinakamababa ang Kabuuang iskor ng mga sumusunod na indikasyon: Matematical at intrapersonal. Hindi makabuluhan ang pagkakaiba-iba ng mga pangunahing katalinuhan ng mga kalahok batay sa kanilang kasarian. Sa pagtatasa ng iba't ibang baryabol, makikita na makabuluhan ang pagkakaiba ng mga mag-aaral sa aspetong mathematical, visual, kinesthetic, at musical; Kung may ugnayan man ang edad, hanapbuhay ng ama at ina sa katalinuhan ng mga respondente, ang ugnayan ay masasabing hindi mahalaga. Karamihan sa mga baryabol na naglalarawan sa multiple intelligences ay hindi makabuluhan ang ugnayan sa performans nila sa asignaturang Filipino; Tanging ang katalinuhang musical ang nakapagpatunay na may kabuluhan ito sa performance ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

***KEYWORDS :*** *Asignaturang Filipino, Multiple Intelligence, Pagtuturo at Pagkatuto, Performans,*

## I. PANIMULA

Ang katalinuhan ay isa sa magandang biyayang ipinagkaloob ng Panginoon sa bawat nilalang. Batid ng Panginoon ang kahalagahan nito sa buhay ng isang tao, kaya't minarapat niyang pagkalooban ang bawat isa ng binhi ng katalinuhan na kanyang pauunlarin at payayabungin sa paglipas ng panahon. Ito ay pinatotohanan sa Banal na Kasulatan sa bahagi ng Ecclesiastico 1:9-10 ;

"*Ang Panginoon ang lumikha ng Karunungan, kinikilala niya ang kahalagahan nito at ibinubuhos niya ito sa lahat ng kanyang nilalang. Binahaginan niya ng Karunungan ang lahat ng tao, ngunit higit na masagana ang kaloob niya sa mga umiibig sa kanya".*

Ang binhi ng katalinuhan ay isa rin sa maraming bagay na ikinaiba niya sa kanyang kapwa. Ganoon din, masasabing ang katalinuhan ay taglay at likas na sa isang tao mula pa sa kanyang pagsilang. Ganito rin ang paniniwala ng Pambansang bayani na si Rizal sa kanyang sanaysay na may pamagat na, Si Luna at si Hidalgo: Isang Pagpupugay, ayon sa kanya;

*"Ang katalinuhan ay walang pinipiling bayan; ang henyo ay tumutubo sa lahat ng pook; ang henyo ay katulad ng liwanag at mga hanging ari ng lahat; ipinalalagay niyang ang buong daigdig, ay kanyang bayan, katulad ng liwanag at katulad ng kalawakan, katulad ng buhay, at katulad ng Diyos".*

Batid nating lahat na ang katalinuhan ay mula sa Diyos at taglay ng lahat, nararapat lamang na ito ay ating pagyamanin at paunlarin sapagkat ito ay may mahalagang papel na ginagampanan sa buhay ng isang tao. Ito ang magsisilbing kanyang puhunan sa kanyang landas na pupuntahan at magiging sandata sa kanyang pagharap sa mga pang-araw-araw na hamon sa buhay.

Mahalaga ang papel na ginagampanan ng guro at paaralan sa pagtatamo ng katalinuhan. Katuwang ang mga guro sa paghubog at pagpanday sa ating katalinuhan. Mga guro na hindi lamang sa apat na sulok ng silid-aralan nagturo na bumasa, sumulat at bumilang bagkus sila rin ang mga gurong gumabay at naghanda sa ating landas na patutunguhan. Sa pamamagitan ng mga guro at sa iba't ibang pamamaraan o istratehiya na kanilang ginagamit sa loob ng silid-aralan makakatulong ito upang mapataas ang kawilihan at lebel ng performans ng mga mag-aaral sa kanilang pinag-aaralan. Sa Artikulo VII, Seksyon 9 ng *Code of Ethics for Professional Teachers* nakasaad na:

*Ang isang guro ay dapat tiyakin ang mga kalagayang tutulong sa higit na ikauunlad ng mga mag-aaral ay sapat at siya ay dapat mag-ambag ng kinakailangang tulong upang malutas ang suliranin o kakulangan ng mag-aaral.*

Bukod sa guro, malaki din ang papel ng paaralan sa paghubog ng ating katalinuhan, kasabay din ang paghubog ng ating aspektong moral at ispiritwal. Kaya't sinisikap ng paaralan na matugunan, hubugin at siguraduhing lahat ng mag-aaral ay magtatamo ng libre at kalidad na edukasyon alinsunod na rin sa Governance of Basic Education Act of 2001 Inilahad ang pangkalahatang tunguhin ng batayang edukasyon na;

1. Linangin ang mga mag-aaral na Pilipino sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga batayang kasanayan sa literasi, numerasi, kritikal na pag-iisip at mga kasanayang pampag-aaral at mga kanais-nais na halagahan(values) upang sila'y maging mapagkalinga, makatayo sa sarili, maging prodaktibo, magkaroon ng kamalayang panlipunan, maging makabayan at responsableng mamamayan.

Sa nireistrukturang Kurikulum 2002, binigya ng ibayong pansin ang pagsasanay para sa pagtatamo ng mga kasanayan sa pamumuhay, pagtukoy at pagsusuri sa mga halagahan at ang pagkilala sa iba't ibang katalinuhan ng mag-aaral (multiple intelligences).

Samakatuwid, isang napakalaking hamon sa kaalaman at kakayahan ng guro ang pagpapatupad ng kurikulum sapagkat kinakailangang hamunin ang mga mag-aaral sa mapanuring pag-iisip at higit sa lahat ang pukawin ang kanilang interes sa pag-aaral.

Kaya mahalagang may kamalayan ang guro sa iba't ibang uri ng katalinuhan at estilo ng pagkatuto ng kanyang mga mag-aaral nang sa gayon ay maitugma niya ang kanyang aralin at mga gawain sa uri ng katalinuhan ng kanyang mag-aaral, at higit sa lahat ay maiakma ang mga mag-aaral sa propesyon na maaaring mapagtagumpayan sa hinaharap. Ito rin ang pananaw ni Gardner's (2011),

*Indicated that when teachers use a MI approach, students are provided learning experiences and curricular offerings that can result in positive educational experiences for both students and teachers. The premise is that when teachers use a variety of instructions, the more likely students will achieve academically.*

Sa pagkakataong ito mahalagang pagtuunan ng pansin ang Multiple Intelligences ng mga mag-aaral na maaaring magamit bilang batayan sa pagbuo ng iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo at mga gawain sa loob ng silid-aralan lalo't higit sa asignaturang Filipino kung saan ang pangunahing pokus ng pag-aaral ay may kinalaman sa wika at panitikan na kabilang sa mga uri ng katalinuhang taglay ng isang mag-aaral. Ito ang dahilan sa likod ng pag-aaral na ito; upang tuklasin kung may kaugnayan ba ang Multiple Intelligences sa ginagawang istratehiya sa pagtuturo ng mga guro ng Pedro Guevarra Memorial National High School at sa performans ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

## II. LAYUNIN

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tuklasin ang kaugnayan ng Multiple Intelligences sa pagtuturo ng Filipino at Performans ng mga mag-aaral sa baytang walo ng Pedro Guevara Memorial National High School. Ang pag-aaral na ito ay sinikap sagutin ang mga sumusunod na katanungan: 1.Ano ang katangiang demograpikong profayl ng mga kalahok na mga mag-aaral batay sa mga sumusunod: 1.1 kasarian, 1.2 edad, 1.3 trabaho ng magulang? 2. Ano ang pangunahing katalinuhan ng mga mag-aaral sa ikawalong baytang batay sa kanilang sariling pagtataya? 3. May makabuluhang pagkakaiba ba ang mga kalahok na mag-aaral sa kanilang pangunahing katalinuhan kapag sila ay pinangkat batay sa kanilang katangiang demograpiko? 4. Ano ang antas ng performans ng mga mag-aaral batay sa kinalabasan ng kanilang marka sa Ikalawang markahan? 5. May makabuluhan bang pagkakaugnay ang Multiple Intelligences propayl at performans sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral? 6. Anu-ano ang mga istratehiyang ginamit ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino batay sa Multiple Intelligences ng mga mag-aaral? 7. May makabuluhang bang kaugnayan ang istratehiyang ginagamit ng guro sa performans ng mga mag-aaral?

## III. METODO NG PANANALIKSIK

Deskriptibong pagsisiyasat ang ginamit sa pananaliksik na ito upang malaman ang kaugnayan ng Multiple Intelligences sa pagtuturo ng Filipino at performans ng mga mag-aaral sa baytang walo ng Pedro Guevarra Memorial National High School**.** Ang mga kalahok o tagatugon ng pag-aaral na ito ay mga piling mag-aaral sa baytang walo ng Pedro Guevarra Memorial National High School. Kabilang sa pag-aaral na ito ang tatlong daan (300) tagatugon na kasalukuyang nakatala sa nasabing paaralan.

Bahagi rin ng pag-aaral na ito ang pitong (7) guro sa asignaturang Filipino sa ikawalong baytang, upang tuklasin ang istratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino batay sa Multiple Intelligences ng mga mag-aaral. Ang mananaliksik ay bumuo ng dalawang (2) talatanungan bilang pangunahing kagamitan sa pagkalap ng mga datos at maisakatuparan ang layunin ng pananaliksik. Ang unang talatanungan ay para sa mga mag-aaral sa baytang walo na binubuo ng dalawang bahagi.

Ang unang bahagi ng talatanungan ay kinikilala ang propayl ng mga tagatugon batay sa kanilang edad, kasarian, hanapbuhay ng magulang, guro sa asignaturang Filipino at ang nakuhang marka sa ikalawang markahan sa asignaturang Filipino.

Sa ikalawang bahagi ay mga tanong na ginawa upang sukatin ang taglay na talino ng mga mag-aaral batay sa teorya ng Multiple Intelligences ni Dr. Howard Gardner. Ang talatanungan ay nagbuhat sa paaralan ng De La Salle University-College of St. Benilde na isinalin sa wikang Filipino bilang tugon sa ginagawang pag-aaral at para sa lubos na ikaliliwanag. Layunin ng bahaging ito na tuklasin ang multiple intelligences ng mga mag-aaral.

Ang isa pang bahagi ng katanungan ay para sa mga guro sa ikawalong baytang na nagtuturo sa asignaturang Filipino. Ang bahaging ito ng talatanungan ay dumaan sa masusing pagsusuri o balidasyon ng ilang eksperto sa pagtuturo, nang sa gayon ay maging epektibo. Ang talatanungan ay tumutukoy sa mga pamamaraan o istratehiyang ginagamit ng mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino batay sa Multiple Intelligences ng mga mag-aaral. Ang mga sagot ng mga kalahok na guro hinggil sa mga istratehiyang kanilang ginagamit sa pagtuturo ay susukatin kung palagi, madalas, minsan, paminsan-minsan at hindi kailanman.

Sa layuning masukat, malaman at maiharap ang mga katugunan ng pananaliksik ang pag-aaral ay gagamit ng statistical treatment na frequency at percentage distribution, weighted mean, t-test for independent sample, one-way ANOVA, Pearson-Product moment Coefficient correlation with t-Test of Significance:

A. Sa pagkuha ng porsiyento:
B. Ang talahanayan ng frequency distribution ay naglalahad ng pagkakaayos ng values o halaga ng baryabol sa isang sample. Ang bawat frequency sa talahanayan ay nangangahulugan ng dalas ng paggamit sa value sa partikular na grupo o interval .

Sa kabilang dako, ang percentage o bahagdan ay ang bilang na kinakatawan ng fraction na 100. Ginagamit ito upang ipahayag ang mga bilang sa pagitan ng zero (wala) at one (isa). Ginagamit ito upang ikumpara ang mga bagay at gamitin ito sa ratio. Ginagamitan ito ng simbolong %. Upang makuha ang resulta ng percentage sa mga datos, ang mananaliksik ay gumamit ng formula na:

$$\% = \frac{f}{n} \times 100$$

Kung saan:

f = frequency o bilang ng mga tagatugon sa katanungan
n = Kabuuang bilang ng tagatugon

C. Weighted Mean

Ang weighted mean na ginamit sa ilan sa mga Talahanayan sa pag-aaral na ito ay halos katulad ng karaniwang arithmetic mean, maliban lamang na sa halip na ang bawat data points ay nakatutulong sa final average, ang ilan sa data points ay higit na nakatutulong sa iba. Ang nosyon ng weighted mean ay may malaking papel na ginagampanan sa deskriptibong estatistika at lumalabas sa higit na malawak na anyo ng iba pang sangay ng matematika. Upang makuha ang weighted mean, ang mananaliksik ay gumamit ng sumusunod na formula:

$$\bar{\mathbf{x}} = \Sigma_{\bar{\mathbf{x}}} \left( \sum_{i=1}^{n} \mathrm{W}_i \mathbf{x}_i \right),$$

Gumamit ang mananaliksik ng One-sample *t*-test upang makita ang resulta ng ugnayan ng propayl ng respondente ng pag-aaral sa kanilang pangunahing katalinuhan; gayundin ang makabuluhang pagkakaiba ng kanilang mga kasagutan. Upang makuha ang resulta ng pag-aaral, gumamit ang mananaliksik ng formula na:

$$t = \frac{\overline{x} - \mu_0}{s/\sqrt{n}}$$

na ang $\mu_0$ ay katumbas ng specified na value

na ang $\overline{x}$ ay ang sample mean;
na ang *s ay ang sample standard deviation ng sample*
*na ang n ay ang sample means.*
*ang degree of freedom ay n-1*

Upang mailarawan ang profayl ng mga respondente ng pag-aaral, ang mananaliksik ay gumamit ng frequency distribution at percentage formula.

D. Pearson product-momentum correlation coefficient

Sa Talahanayan 17 at 19 ay ginamit ng mananaliksik ang Pearson product-moment correlation coefficient (or Pearson correlation coefficient, for short) upang sukatin ang tatag ng linear association sa pagitan ng dalawang baryabol ay kinakatawan ng *r*. Sinusubukan ng Pearson product-moment correlation na iguhit ang linya na pinakahusay gamitin sa dataos ng dalawang baryabol, at ang Pearson correlation coefficient, *r*, ay nagpapakita kung gaano kalayo ang lahat ng data points sa line of best fit.

Ang Pearson correlation coefficient, *r*, ay maaaring nasa range ng values mula +1 hanggang -1. Ipinaliliwanag ng value ng 0 na walang kaugnayan ang dalawang baryabol. Ang value na higit na mataas sa 0 ay nagpapakita ng positibong ugnayan; na, ang halaga ng isang baryabol ay tumataas, katulad ng pagtaas ng halaga o value ng ibang baryabol. Ang value o halaga ng mas mas mababa sa 0 ay nagpapakita ng negatibong ugnayan; na ang value ng isang baryabol ay tumataas, habang ang isang baryabol ay bumababa.

Upang makuha ang value o Pearson product-momentum correlation coefficient, ang mananaliksik ay gumamit ng sumusunod na formula:

$$r = \frac{\sum XY - \frac{(\sum X)(\sum Y)}{n}}{\sqrt{\left(\sum X^2 - \frac{(\sum X)^2}{n}\right)\left(\sum Y^2 - \frac{(\sum Y)^2}{n}\right)}}$$

E.

Sa Talahanayan 14-15 ay gumamit din ng ANOVA ang mananaliksik upang magkaroon ng paghahambingan ang mga nakalap na datos. Ang halaga ng estatistikang ito ay mababatid sa pamamagitan ng ratio ng dalawang baryabol. Ang ratio na ito ay independent sa iba pang datos at mga obserbasyon. Ang resulta ng ANOVA ay independent sa constant bias at scaling errors at mga yunit na ginamit sa pagpapahayag ng mga obserbasyon.

F. One-way ANOVA

Ang One-way ANOVA ang pinakasimpleng estatistika na ginagamit sa upang mabuo ang isang randomized na experiment na may single factor. Upang makuha ang resulta nito, ang mananaliksik ay gumamit ng formula:

$$H_0: \mu_1 = \mu_2 = \mu_3 = \cdots = \mu_k$$

## IV. RESULTA AT DISKUSYON

Ipinakikita sa bahaging ito ng pag-aaral ang mga datos na nakalap sa pag-aaral sa anyo ng talahanayan, interpretasyon sa mga datos na ito, at maging ang pagsusuri gamit ang mga kaugnay na literature at pag-aaral

**1. Propayl ng mga respondente**
**Talahanayan 1**
**Propayl ng mga Respondente Batay sa Kasarian**

| Kasarian | Bilang | Bahagdan |
|---|---|---|
| Lalaki | 124 | 41.30 |
| Babae | 176 | 58.70 |
| Kabuuan | 300 | 100% |

Ipinakikita ng Talahanayan 1 na ang karamihan sa respondente ng pag-aaral ay mga babae batay sa pinakaraming bilang na 176 na sumagot para rito na may katumbas na 58.70 na bahagdan. Sa kabilang dako, 124 na respondente ng pag-aaral o 41.30 na bahagdan ay mga lalaki.

**Talahanayan 2**
**Propayl ng mga Respondente Batay sa Edad**

| Edad | Bilang | Bahagdan |
|---|---|---|
| 16 | 5 | 1.70 |
| 15 | 14 | 4.70 |
| 14 | 158 | 52.70 |
| 13 | 120 | 40.0 |
| 12 | 3 | 1.00 |
| Kabuuan | 300 | 100% |
| Karaniwang Edad = 13.66 | | |

Makikita sa Talahanayan 2 na ang karamihan sa mga respondente ng pag-aaral ay may edad na 14 batay na rin sa pinakamataas na bilang na 158 na sumagot para rito o may katumbas na 52.70 na bahagdan. Sinundan ito ng mga respondente na nasa edad 13 na nakakuha naman ng 120 na sagot o katumbas ng 40 na bahagdan.

Inilalarawan din sa Talahanayan 2 na ang mga respondente na nasa edad 16 at 12 ang nakakuha ng pinakababang bilang ng pagsagot na 5 at 3 o katumbas ng 1.70 at 1.0 na mga bahagdan.

**Talahanayan 3**
**Propayl ng mga Respondente Batay sa Hanapbuhay ng mga Magulang**

| Hananapbuhay | Ama | | Ina | |
|---|---|---|---|---|
| | Bilang | Bahagdan | Bilang | Bahagdan |
| Propesyonal | 46 | 15.3 | 51 | 17.0 |
| Negosyante | 40 | 13.3 | 28 | 9.3 |
| Kawani/Opisyal ng Gobyerno | 6 | 2.0 | 1 | 0.3 |
| Manggagawang May Kasanayan | 157 | 52.3 | 42 | 14.0 |
| Manggagawang Walang Kasanayan | 24 | 8.0 | 9 | 3.0 |
| Walang Hanapbuhay | 27 | 9.0 | 169 | 56.3 |
| Kabuuan | 300 | 100% | 300 | 100% |

Batay sa hanapbuhay ng mga magulang ng respondente, makikita na ang karamihan sa kanilang mga ama ay mga Manggagawang May Kasanayan na nakakuha ng pinakamataas na bilang na 157 o 52.3 na bahagdan, samantalang pinakamaliit na bilang na 6 o 2 bahagdan lamang ang respondente na may amang Kawani o Opisyal ng Gobyerno.

Sa kabilang dako, makikita rin sa Talahanayan 3 na ang pinakamataas na bilang na 169 o 56.3 na bahagdan na ina ng mga respondente ay walang hanapbuhay. Nag-iisa lamang o 0.3 na bahagdan ang mga respondente na may inang Kawani o Opisyal ng Gobyerno.

2. Pagtataya sa katalinuhan ng mga respondente

**Talahanayan 4**
**Pagtataya ng mga Mag-aaral sa Kanilang Katalinuhang Linguistic**

| Indikasyon | Bilang ng mga Tumugon | |
|---|---|---|
| . Importante sa akin ang mga libro. | 86 | 5.33 |
| . Naiisip ko na ang mga salitang aking gagamitin bago ko pa ito isulat, basahin o sabihin | 52 | 4.00 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| . | Kamakailan lang ay sumulat ako ng isang bagay na kapupuri o maipagmamalaki ko. | 2 | 0.67 |
| . | Mas nais kong kasama sa pag-uusapan ang mga nabasa ko na at narinig. | 08 | 9.33 |
| . | Mas nais kong makinig sa radio kaysa panonood ng television o pelikula. | 2 | 4.00 |
| . | Kapag ako ay nasa biyahe, mas napapansin ko an gang mga nakasulat sa pader kaysa sa tanawin. | 42 | 7.33 |
| . | Masaya akong naglalaro ng palaisipan, palabuuan at Scrabble. | 61 | 3.67 |
| . | Mas mabilis sa akin ang Ingles at Kasaysayan kaysa Matematika at Science. | 45 | 8.33 |
| . | Tinatanong ako minsan ng mga tao upang ipaliwanag ang kahulugan ng mga salita sa aking isinulat at sinabi. | 86 | 2.00 |
| 0. | Mas gusto ko na aliwin ang sarili at ibang tao sa pamamagitan ng tongue twisters at iba pang uri ng ritmo. | 14 | 8.00 |
| | Karaniwang bilang ng mga tumugon sa bawat tanong | 62.8 | 4.3 |
| | Karaniwang iskor = 5.43 o 54.30% | | |

Makikita sa Talahanayan 4 ang estadistika na naglalarawan ng pagtataya ng mga mag-aaral sa kanilang katalinuhang linguistic. Batay dito, inilalarawan na mataas ang pagtataya ng mga respondente sa aspetong ito ng kanilang kakayahang linguistic na pinatutunayan ng kanilang Karaniwang iskor na 5.43 o 54.30 na bahagdan.

Kung hihimayin ang mga datos patungkol dito, makikita na ang kahalagahan ng libro ang indikasyon na nakakuha ng pinakamataas na pagtataya batay sa 286 na bilang ng pagsagot o kabuuang 95.33 na bahagdan. Sinundan ito ng indikasyon na nagsasabing nasa isip na nila ang salitang kanilang gagamitin bago pa man nila ito isulat na may 252 na pagtugon o kabuuang 84 na bahagdan. Mataas din ang bilang ng pagtugon o bahagdan nito sa mga sumusunod na indikasyon: pagnanais na makasama sa pag-uusapan ang mga nabasa o narinig sa bilang na 208 o 69.33 na bahagdan; pagtatanong kung minsan sa mga tao kung ano ang kahulugan ng salita na kaniyang isinulat sa bilang na 186 o 62 na bahagdan; ang kasiyahan na maglaro ng palaisipan, palabuuan at scrable na nakakuha ng bilang na 161 o 53.67 na bahagdan.

Sa kabilang dako, mahalaga rin na makita na ang mga sumusunod na indikasyon ang nakakuha ng pinakamaliliit na bilang ng pagtataya o bahagdan: ang pagnanais na makinig sa radio kaysa manood ng telebisyon at pelikula na nakakuha ng 42 na pagtugon o katumbas na 14.0 na bahagdan; sinundan ito ng pagnanais na aliwin ang sarili sa pamamagitan ng tongue twister at iba pang ritmo na nakakuha ng 114 na tugon o kabuuang 38 na bahagdan.

Sa teorya ni Gardner (1983), pinaniniwalaan na nararapat ikonsidera ng mga guro at mga magulang ang mga bata bilang pinagpalang mga tao na mayroong iba't ibang paraan kung paano makikisalamuha at matututo batay sa kanilang taglay na talino.

Ang mga mag –aaral na may Verbal – Linguistic na talino ay mayroong natural na galing sa paggamit ng wika. Magaling sa pagbabasa, pagsusulat, pagkukuwento, pagsasaulo ng petsa. Mahilig magsulat, magkwento, gumawa ng mga *puzzles* at magsaulo. Ang mga propesyonal na may Verbal linguistic na talino ay mga manunulat, magagaling na mananalita, guro at artista.

**Talahanayan 5**
**Pagtataya ng mga Mag-aaral sa Kanilang Katalinuhang Mathematical**

| | Indikasyon | Bilang ng mga Tumugon | |
|---|---|---|---|
| . | Madali akong nakakapag-kompyut ng mga numero sa isip lamang. | 09 | 6.33 |
| . | Mas komportable akong gawin ang mga bagay na maaaring sukatin, analisahin o ikategorya sa iba't ibang paraan. | 22 | 0.67 |
| . | Matematika at Syensiya ang paborito kong subject sa paaralan. | 2 | 0.67 |
| . | Masaya akong naglalaro ng mga pampagana ng utak "brain teasers" na ginagamit ang lohikal na pag-iisip. | 18 | 9.33 |
| . | Nais ko ang mag eksperimento (tulad ng pagdaragdag ng tubig, doblehin ang dami). | 08 | 6.00 |
| . | Hinahanap ko ang pagkakasunud-sunod, pinagmulan at gamit ng isang bagay. | 65 | 5.00 |
| . | Tinitingnan ang mali sa ordinaryong bagay na ginagawa at sinasabi ng tao sa tahanan man o sa paaralan. | 34 | 4.67 |
| . | Interesado ako sa mga bagong kaganapan sa Syensiya. | 55 | 1.67 |
| . | Naniniwala akong lahat ng bagay ay may kahulugan at dahilan. | 45 | 1.67 |
| 0. | Malinaw akong nakakapag-isip ng mga konsepto, ngunit hindi ko mailarawan sa salita. | 60 | 3.33 |
| | Karaniwang bilang ng mga tumugon sa bawat tanong | 40.8 | 6.9 |
| | Karaniwang iskor = 4.69 0 46.90% | | |

Hindi katulad ng pagtataya ng mga mag-aaral sa kanilang katalinuhang linguistic, hindi naabot ng pagtataya sa kanilang katalinuhang matematikal ang higit sa limampung bahagdan ng pagtugon, indikasyon ay ang Karaniwang Iskor na 4.69 o 46.90 na bahagdan.

Sa masusing pag-aaral sa mga nakalap na datos, ang paniniwala na ang lahat ng tao ay may kahulugan at dahilan ang nag-iisang indikasyon na nakakuha ng pinakamataas na bilang ng pagtugon na 245 o katumbas ng 81.67 na bahagdan. Sinundan ito ng indikasyon na nasa limampung bahagdan lamang ang pagtugon gaya ng: Hinahanap ko ang pagkakasunud-sunod, pinagmulan at gamit ng isang bagay na may 165 na pagtugon o kabuuang 55 bahagdan; Malinaw akong nakakapag-isip ng mga konsepto, ngunit hindi ko mailarawan sa salita na may 160 na pagtugon o 53.33 na bahagdan; Malinaw akong nakakapag-isip ng mga konsepto, ngunit hindi ko mailarawan sa salita na nakakuha ng 155 na pagtugon o 51.67 na bahagdan.

Sa kabilang dako, pinakamababang bahagdan ng pagtugon ang nakuha ng indikasyon na nagsasabing agham at matematika ang kanilang paboritong asignatura na nakakuha ng 92 na pagtugon o 30.67 na bahagdan.

Sa aklat ni Salandanan (2012) ipinaliwanag niya na sa teorya ng ng multiple intelligences ni Gardner, ang bawat bata ay nagtataglay ng walong uri ng talino kontra sa tradisyunal na konsepto na mayroon lamang na isang talino. Habang ang lahat ay mayroong ganitong mga talino, dalawa o tatlo ay ganap na taglay ng isang tao, ang iba naman ay paminsan – minsan lamang at bahagi ng karanasan sa pag-aaral.

Hindi madaling aminin na karamihan sa mga istratehiya sa pagtuturo na ginamit noong mga nakaraan ay di angkop sa *linguistic intelligence* dahil ang mga ito ay batay lamang sa makamundong pagkakatuto. Isa pa sa pinakadominanteng istilo ay nakapokus lamang sa pagkakatuto ng mga numero lang na halos kalimutan na

ang maaari pang madiskubre na kakayahan ng mga mag – aaral katulad ng paggagawa ng mga biswal, pagpipinta na kung saan ang mga linya at mga hugis ay may kaugnayan din sa matematika.

**Talahanayan 6**
**Pagtataya ng mga Mag-aaral sa Kanilang Katalinuhang Visual**

| | Indikasyon | Bilang ng mga Tumugon | |
|---|---|---|---|
| | | f | |
| . | Madalas akong gumamit ng kamera upang maitala ang mga nangyayari sa aking paligid. | 1 27 | 2.30 |
| . | Madalas gumagana ang aking imahinasyon tuwing ipinipikit ko ang aking mga mata. | 2 33 | 7.67 |
| . | Mas gusto kong tingnan ang isang babasahin na maraming nakaguhit na larawan. | 2 15 | 1.67 |
| . | Sensitibo ako sa mga kulay. | 6 4 | 1.33 |
| . | Natutuwa akong buuin ang mga puzzles nahahawakan o nababasa | 2 02 | 7.33 |
| . | Mas mabilis para sa akin na tumingin mula sa itaas patungo sa ibaba upang makita ang kabuuan ng aking iniisip. | 1 32 | 4.00 |
| . | Maliwanag ang panaginip ko kung gabi. | 1 54 | 1.33 |
| . | Mas madali para sa akin ang Geometry kaysa sa Algebra. | 1 11 | 7.00 |
| . | Mabilis kong napupuntahan ang isang lugar kahit hindi ako familiar sa lugar. | 1 08 | 6.00 |
| 0. | Mas gusto ko ang gumuhit. | 1 38 | 6.00 |
| | Karaniwang bilang ng mga tumugon sa bawat tanong | 1 48.4 | 9.50 |
| | Karaniwang iskor = 4.95 o 49.50% | | |

Makikita sa Talahanayan 6 na halos limampung bahagdan ng mga respondente ang naniniwala sa kanilang kakayang visual batay sa Karaniwang iskor na 4.95 o katumbas ng 49.50.

Mahalagang pagtuunan ng pansin ang mga indikasyon ng kakayahang visual na nakakuha ng pinakamatataas na puntos o bahagdan. Ang madalas paggana ng imahinasyon tuwing ipinipikit ang kanilang mga mata ang nakakuha ng pinakamataas na pagtugon na 233 o katumbas ng 77.67 na bahagdan; Ang indikasyon na mas gustong tingnan ng mga respondente ang isang babasahin na maraming nakaguhit na larawan ay nakakuha ng kabuuang tugon na 215 o katumbas na 71.67 na bahagdan; Sinundan ito ng pagtataya na natutuwa ang mga respondente na buuin ang mga puzzles nahahawakan o nababasa na nakakuha ng bilang 202 o 67.33 na bahagdan.

Sa kabilang dako, ang mga sumusunod na indikasyon ay nakakuha ng mababang bilang ng pagtugon o bahagdan: 64 na mga respondente o 21.33 na bahagdan ang naniniwala na sensitibo sila sa mga kulay; sinundan ito ng mga respondente na naniniwala na mabilis nilang napupuntahan ang isang lugar kahit na hindi sila pamilyar sa lugar na nakakuha ng 108 na pagtugon o katumbas ng 36 na bahagdan; Ang paniniwala na mas madali para sa kanila ang Geometry kaysa sa Algebra ay nakakuha ng 111na pagtugon na may katumbas na 37 na bahagdan.

Kaugnay sa teorya ni Gardner hinggil sa multiple intelligences, sinasabi na ang mga taong may talinong visual/spatial ay mabilis matuto sa pamamagitan ng paningin at mag-ayos ng mga ideya. Nakagagawa ng mga ideya at kailangan din niyang makita ang paglalarawan upang maunawaan ito. May kakayahang siya na makita sa kaniyang isip ang mga bagay upang makalikha ng isang produkto o makatuklas ng isang produkto o makalutas ng suliranin. May kaugnayn din ang talinong ito sa kakayahan sa matematika. Halimbawa ng mga taong may ganitong talino ay: *artists, designers, cartoonists, story-boarders, architects, photographers, sculptors, town-planners, visionaries, inventors, engineers, cosmetics and beauty consultants:*

**Talahanayan 7**
**Pagtataya ng mga Mag-aaral sa Kanilang Katalinuhang Kinesthetic**

| Indikasyon | | Bilang ng mga Tumugon | |
|---|---|---|---|
| | | f | % |
| . | Regular akong sumasali sa kahit isa man lang gawaing pampalakasan o isport. | 105 | 35.00 |
| . | Mas kailangan kong magsanay ng bagong kaalaman kaysa magbasa lang o manood ng video tungkol ditto. | 156 | 52.00 |
| . | Mailalarawan ko ang aking sarili kung kami ay nagkaroon na ng pagkakataong magkausap. | 183 | 61.00 |
| . | Nahihirapan akong nakaupo lamang sa loob ng mahabang oras. | 175 | 58.33 |
| . | Lumalabas ang pinaka magaling kong ideya kung ako ay naglalakad, tumatakbo o kaya ay may gawaing pisikal. | 106 | 35.33 |
| . | Nais kong maglibang sa labas ng bahay kung wala akong gagawin. | 197 | 65.57 |
| . | Kinakailangan ko munang mahawakan ang isang bagay upang malaman at matutunan ko ang tungkol dito. | 180 | 60.00 |
| . | Mas gusto kong gumawa gamit ang aking kamay tulad ng pagkakarpintero, pananahi, pag-uukit, paghahabi at paggawa ng modelong bahay. | 120 | 40.00 |
| . | Nagagamit ko ang aking kamay at katawan sa pakikipag-usap. | 121 | 40.33 |
| 0. | Masaya akong ginagawa ang mga nakakatakot na gawain. | 125 | 41.67 |
| | Karaniwang bilang ng mga tumugon sa bawat tanong | 146. 8 | 48.9 |
| Karaniwang iskor = 4.89 o 48.90% | | | |

Ang pagtataya ng mga mag-aaral sa kanilang katalinuhang kinesthetic ay makikita sa Talahanayan 7. Maliwanag na inilalahad ng Talahanayan na halos limampung bahagdan ng mga respondente ang naniniwala sa kanilang katalinuhang kinesthetic, indikasyon ng Karaniwang iskor na 4.89 o kabuuang bahagdan na 48.90.

Kung sisiyasatin nang masinsinan ang Talahanayan, makikita na pinakamataas na bilang na 197 o bahagdan na 65.67 ang nagsabi na nais nilang maglibang sa labas ng bahay kung wala silang gagawin; sinundan ito ng mga nagsasabing mailalawan nila ang kanilang sarili kung sila ay magkakaroon na ng pagkakataong magkausap; at ang mga respondente na nagsabing kinakailangan muna nilang mahawakan ang isang bagay upang malaman at matutunan ang tungkol ditto na nakakuha ng 180 na tugon o 60 bahagdan.

Sa mga kaugnay nap ag-aaral, sinasabi na ang taong may bodily/kinesthetic ay natututo sa pamamagitan ng mga kongkretong karanasan o interaksiyon sa kapaligiran. Mas natututo siya sa pamamagitan ng paggamit ng kaniyang katawan, tulad halimbawa ng pagsasayaw o paglalaro. Sa kabuuan, mahusay siya sa pagbubuo at paggawa ng mga bagay gaya ng pagkakarpintero. Mataas ang tinatawag na *muscle memory* ng mga taong may ganitong talino.

**Talahanayan 8**
**Pagtataya ng mga Mag-aaral sa Kanilang Katalinuhang Musical**

| | Indikasyon | Bilang ng mga Tumugon | % |
|---|---|---|---|
| . | Nakaaawit ako nang maayos. | 30 | 43.33 |
| . | Madalas akong tumatapik o kumakanta ng mga simpleng himig habang nasa trabaho, nag-aaral o gumagawa ng isang bagong bagay. | 16 | 72.00 |
| . | Masasabi ko kung ang nota ay wala sa tono. | 0 | 30.00 |
| . | Madalas akong nakikinig ng musika sa radio at makinig sa nakarekord “cassette” man o “compact disc.” | 40 | 46.67 |
| . | Maaaring mahirapan ang buhay ko kung walang kasamang musika. | 82 | 60.67 |
| . | Minsan nararamdaman ko bigla na lamang sa aking paglalakad-saglit na papasok sa isip ko ang tono na narinig ko sa television. | 09 | 69.67 |
| . | Mabilis akong nakagagawa ng musika gamit ang ilang instrumenting pang musika. | 9 | 33.00 |
| . | Alam ko ang tono karamihan sa mga nota at iba’t ibang awitin. | 17 | 39.00 |
| . | Mabilis kong mauulit ang awit kahit isa o dalawang beses ko pa lamang ito narinig. | 66 | 55.33 |
| 0. | Nakagagamit ako ng instrumentong musical. | 42 | 47.33 |
| | Karaniwang bilang ng mga tumugon sa bawat tanong | 49.1 | 49.70 |
| | Karaniwang iskor = 4.97 o 49.70% | | |

Sa pagtataya sa karunungan ng mga mag-aaral sa musika, makikita sa Talahanayan 8 na halos karamihan sa mga mag-aaral marunong nito batay sa Karaniwang iskor na 4.97 o 49.70.

Makikita sa detalye ng mga indikasyon na pinakamataas na bilang ng pagsagot na 216 o 72 na bahagdan ang nagsasabi na madalas silang tumatapik o kumakanta ng mga simpleng himig habang nasa trabaho, nag-aaral o gumagawa ng isang bagong bagay. Ito ay sinundan ng mga mag-aaral na nagsasabi na minsan ay nararamdaman nila na bigla na lamang sa kanilang paglalakad-saglit na papasok sa isip ang tono na narinig sa television na nakakuha ng 209 na bilang ng pagsagot o 69.67 na bahagdan. Nakakuha rin ng mataas na bilang ng pagsagot na 182 o 60.67 na bahagdan ang mga mag-aaral na nagsasabing maaaring mahirapan ang buhay nila kung walang kasamang musika.

Batay pa rin sa Talahanayan 8, makikita na pinakamababa ang tugon ng mga mag-aaral sa indikasyon na kaya nilang masabi kung wala sa tono ang nota sa bilang na 90 o 30 bahagdan. Sumunod dito ang mga mag-aaral na nagsasabing mabilis silang nakagagawa ng musika gamit ang ilang instrumentong pangmusika sa bilang na 99 o katumbas na 33 na bahagdan.

Natututo sa pamamagitan ng pag-uulit ang taong may taglay na talino sa musika. Hindi lamang ito pagkatuto sa pamamagitan ng pandinig kundi pag-uulit ng isang karanasan.

**Talahanayan 9**
**Pagtataya ng mga Mag-aaral sa Kanilang Katalinuhang Intrapersonal**

| Indikasyon | Bilang ng mga Tumugon | |
|---|---|---|
| | | % |
| . Ako ay may sariling trabaho at nagpaplano na magtayo ng sarili kong negosyo. [o Ako ay nag-aaral at may malinaw na plano sa buhay.] | 5 | 11.67 |
| . Nagtatabi ako ng personal na talaarawan at jornal na nangyayari sa aking araw-araw na buhay. | 2 | 27.33 |
| . Mas madalas kong inuubos ang oras sa pag-iisa nagmumuni-muni, tungkol sa mga katanungan sa buhay. | 55 | 51.67 |
| . Nagkaroon ako ng pagkakataon na mag-seminar tungkol sa personal na paglago upang mas may matutunan pa sa sarili. | 9 | 23.00 |
| . Mas nais kong mag-isa, Sabado o Linggo sa malayo at di tanyag na lugar kaysa sa resort na maraming taong nakapaligid. | 09 | 36.30 |
| . Nakasasagot ako ng mabilis sa mga problema. | 6 | 28.67 |
| . May mga libangan at hilig akong nais ko lamang gawing mag-isa. | 33 | 77.67 |
| . Alam ko ang aking kahinaan at kalakasan. | 52 | 84.00 |
| . Masasabi kong malakas ang aking loob at nakapagdedesisyon mag-isa. | 41 | 47.00 |
| 0. Palagi kong iniisip ang gusto kong mangyari sa buhay ko. | 55 | 85.00 |
| Karaniwang bilang ng mga tumugon sa bawat tanong | 41.7 | 47.2 |
| Karaniwang iskor = 4.72 o 47.20% | | |

Makikita sa Talahanayan 9 na mataas ang pagtataya ng mga mag-aaral sa kanilang katalinuhang intrapersonal sa Karaniwang iskor na 4.72 o katumbas ng 47.20 na bahagdan.

Sa mga detalye ng indikasyon, maliwanag na inilalahad na pinakamarami ang mga mag-aaral na nagsasabi na palagi nilang iniisip ang nais nilang mangyari sa kanilang buhay sa bilang na 255 o katumbas ng 85 na bahagdan. Ito ay sinundan ng mga nininiwalang alam nila ang kanilang kahinaan at kalakasan sa bilang na 252 o 84 na bahagdan. Mataas din ang bilang ng mga mag-aaral na nagsasabi na may mga libangan at hilig silang nais lamang nilang gawin na mag-isa sa bilang na 233 o katumbas na 77.67 na bahagdan.

Mahalaga rin na makita sa mga indikasyon na mababa ang bilang pagtataya sa mga sumusunod: Bilang ng mga mag-aaral na nagsasabing sila ay may sariling trabaho at nagpaplano na magtayo ng sarili kong negosyo. [o mga mag-aaral na may malinaw na plano sa buhay sa bilang na 35 o 11.67 na bahagdan; mga mag-aaral na nagtatabi ng personal na talaarawan at jornal na nangyayari sa kanilang araw-araw na buhay na may bilang na 69 o 23 na bahagdan.

Sa intrapersonal na talino ito natututo ang tao sa pamamagitan ng damdamin, halaga, at pananaw. Ito ay talinong kaugnay ng kakayahang magnilay at masalamin ang kalooban. Karaniwang ang taong may ganitong talino ay malihim at mapag-isa o *introvert.* Mabilis niyang nauunawaan at natutugunan ang kanyang nararamdaman at motibasyon. Malalimang pagkilala niya sa kanyang angking talento, kakayahan at kahinaan. At lahat ng tao na nasa proseso ng pagbabago ng pang-unawa sa sarili, sa paniniwala, at mga gawain na may kinalaman sa sarili, sa iba, at sa komunidad na kanyang ginagalawan.

**Talahanayan 10**
**Pagtataya ng mga Mag-aaral sa Kanilang Katalinuhang Interpersonal**

| | Indikasyon | Bilang ng mga Tumugon | % |
|---|---|---|---|
| . | Ako ang klase ng tao na hinihingian ng payo sa trabaho man, sa paaralan o sa aming komunidad. | 23 | 41.00 |
| . | Mas pipiliin ko pang pumunta sa isang kasiyahan kung gabi kaysa maging mag-isa sa bahay. | 8 | 29.33 |
| . | Nais ko na kahalubilo ako sa mga gawain na may kinalaman sa paaralan, trabaho, simbahan at sa komunidad na aking kinabibilangan. | 88 | 62.67 |
| . | Mas pabor ako sa gawaing pang grupo tulad ng laro sa badminton, basketbol kaysa sa pang-isahan tulad ng paglalangoy at jogging. | 84 | 61.33 |
| . | Kung ako ay may problema, nais kong humanap ng tao na makatutulong sa akin, kaysa subukang lutasin ng nag-iisa. | 03 | 67.67 |
| . | Mayroon akong tatlong malapit na kaibigan. | 42 | 80.67 |
| . | Ikinokonsider ko na ako ay isang lider (Iyon din ang tawag ng iba sa akin.) | 7 | 22.33 |
| . | Masaya akong turuan ang mga tao sa mga bagay na alam ko. | 31 | 77.00 |
| . | Mas pabor ako na may kasama sa pampalipas oras na laro tulad ng monopoly at kad, kaysa sa isahang laro tulad ng laro sa video at solitario. | 50 | 50.00 |
| 0. | Mas komportable ako kapag maraming tao. | 52 | 50.67 |
| | Karaniwang bilang ng mga tumugon sa bawat tanong | 62.8 | 54.3 |
| | Karaniwang iskor = 5.43 o 54.30% | | |

Makikita sa Talahanayan 10 na mataas ang pagtataya ng mga mag-aaral sa kanilang kakayahang interpersonal sa Karaniwang iskor na 5.43 o 54.30 na bahagdan.

Sa pagsusuri ng mga indikasyon, makikita na pinakamalaking bilang na 242 o 80.67 na bahagdan ang nagsabing mayroon silang tatlong malalapit na mga kaibigan. Ito ay sinundan ng mga mag-aaral na nagsasabing masaya silang ituro sa iba ang mga bagay na kanilang alam sa bilang na 233 o 77 na bahagdan. Mataas din ang pagtataya ng mga mag-aaral sa mga sumusunod: Kung sila ay may problema, nais nilang humanap ng tao na makatutulong sa kanila, kaysa subukang lutasin na nag-iisa na nakakuha ng 203 na bilang ng pagtugon o katumbas na 67.67 na bahagdan; Nais na kahalubilo sila sa mga gawain na may kinalaman sa paaralan, trabaho, simbahan at sa komunidad na aking kinabibilangan na nakakuha ng 188 na tugon o 62.67 na bahagdan; Mas pabor sa gawaing panggrupo tulad ng laro sa badminton, basketbol kaysa sa pang-isahan tulad ng paglalangoy at jogging na nakakuha ng 184 na tugon o katumbas na 61.33 na bahagdan.

Makikita sa datos na mababa lamang ang pagtataya sa mga sumusunod na indikasyon: Ikinokonsider na sila ay isang lider (Iyon din ang tawag ng iba sa kanya) na nakakuha ng pinakamabang bilang 67 na pagtugon o katumbas ng 22.33; mga mag-aaral na nagsabing mas pipiliin pa nilang pumunta sa isang kasiyahan kung gabi kaysa maging mag-isa sa bahay na nakakuha ng 88 na pagtugon o katumbas na 29.33

Ang intrapersonal na talino ay ang talino sa interaksiyon o pakikipag-uganayan sa ibang tao. Ito ang kakayahan na makipagtulungan at makiisa sa isang pangkat. Ang taong nabibilang dito ay kadalasang bukas sa kaniyang pakikipagkapwa o *extrovert*. Siya ay sensitibo at mabilis na nakatutugon sa pagbabago ng damdamin, motiobasyon, at disposisyon sa kapwa. Mahusay siya sa pakikipag-ugnayan nang may pagdama at pag-unawa sa damdamin ng iba. Siya ay epektibo bilang pinuno o tagasunod.

**Talahanayan 11**
**Kabuuan ng Pagtataya ng mga Mag-aaral sa Kanilang Katalinuhan**

| Katalihuhan | Karaniwang Bilang ng mga Tumugon sa Bawat Tanong | | Karaniwang Iskor | | Ranggo |
|---|---|---|---|---|---|
| | F | % | | | |
| Linguistic | 162.80 | 54.30 | 5.43 | 54.3% | 1.5 |
| Mathematical | 140.80 | 46.90 | 4.69 | 46.9% | 7 |
| Visual | 148.40 | 49.50 | 4.95 | 49.5% | 4 |
| Kinesthetic | 146.80 | 48.90 | 4.89 | 48.9% | 5 |
| Musical | 149.10 | 49.70 | 4.97 | 49.7% | 3 |
| Intrapersonal | 141.70 | 47.20 | 4.72 | 47.2% | 6 |
| Interpersonal | 162.80 | 54.30 | 5.43 | 54.3% | 1.5 |
| Kabuuan | 150.34 | 50.11 | 5.01 | 50.11% | |

Mahigit sa kalahati ng bilang ng mga respondente o mag-aaral ang naniniwala sa kanilang katalinuhan, indikasyon ng kabuuang tugon na 50.11 na bahagdan sa Karaniwang iskor na 5.01.

Makikita sa mga datos na patas lamang ang pagtataya ng mga mag-aaral sa kanilang katalinuhang Linguistic at Interpersonal na nangunguna sa Karaniwang iskor na parehong 5.43 o may kabuuang 54.3 na bahagdan.

Halos umabot sa kalahati ng bilang ng mga mag-aaral o respondente ang kanilang pagtataya sa iba pang mga karungan na kasama sa mga indikasyon ng pag-aaral sa mga sumusunod:  Ang karunungang musical ay nakakuha ng Karaniwang iskor na 4.97 o katumbas na 49.7 na bahagdan; malapit dito ang karunungang visual na nakakuha ng Karaniwang iskor na 4.95 o katumbas na 49.5 na bahagdan.

Pinakamababa ang Kabuuang iskor ng mga sumusunod na indikasyon: Matematical na nakakuha ng 4.69 o kabuuang bahagdan na 46.9 at intrapersonal na nakakuha ng Karaniwang iskor na 4.72 o katumbas na bahagdan na 47.2.

3. **Kabuluhan ng Pagkakaiba sa Pangunahing Katalinuhan ng mga Kalahok Batay sa Kasarian**

**Talahanayan 12**
**Kabuluhan ng Pagkakaiba sa Pangunahing Katalinuhan ng mga Kalahok Batay sa Kasarian**

| Katalinuhan | Karaniwang Iskor | | Computed t - Value | p - Value | Interpretasyon/ Pasya |
|---|---|---|---|---|---|
| | Lalaki | Babae | | | |
| Linguistic | 5.44 | 5.42 | 0.07 | 0.944 | Hindi makabuluhan/ Tanggapin |
| Mathematical | 5.26 | 4.30 | 3.59 | 0.000 | Makabuluhan/ Tanggihan |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Visual | 5.25 | 4.73 | 2.31 | 0.022 | Makabuluhan/ Tanggihan |
| Kinesthetic | 5.42 | 4.52 | 3.91 | 0.000 | Makabuluhan/ Tanggihan |
| Musical | 4.60 | 5.23 | 2.24 | 0.026 | Makabuluhan/ Tanggihan |
| Intrapersonal | 4.62 | 4.80 | 0.80 | 0.422 | Hindi makabuluhan/ Tanggapin |
| Interpersonal | 5.65 | 5.27 | 1.64 | 0.103 | Hindi makabuluhan/ Tanggapin |
| Degrees of Freedom = 298 Level of Significance = 0.05 | | | | | |

Ang Talahanayan 12 ay isang pagtatasa sa pangunahing katalinuhan ng mga respondente at ang pagkakaiba-iba ng mga ito kaugnay ng kanilang kasarian. Mababatid batay sa datos na sa pangkalahatan ay hindi makabuluhan ang pagkakaiba-iba ng mga pangunahing katalinuhan ng mga kalahok batay sa kanilang kasarian.

Kung susuriin ang bawat baryabol, makikita na makabuluhan ang pagkakaiba-iba ng katalinuhan ng mga mag-aaral sa aspetong mathematical, visual, kinesthetic, at musical batay na rin sa estadistika na naglalahad sa higit na mababa ang level of significance ng mga ito sa .05. Sa madaling salita, ang katalinuhan ng mga mag-aaral sa mga aspetong nabanggit at nagkakaiba-iba batay sa kanilang kasarian. Ang katalinuhang mathematical ay nakakuha ng probability value na .000; visual na may probability value na .022; kinesthetic na may probability value na .000; musical na may probability value na .026.

Sa kabilang dako, inilalahad din ng Talahanayan 12 na hindi makabuluhan ang pagkakaiba-iba ng katalinuhan ng mga respondente o mag-aaral batay sa kanilang kasarian sa mga sumusunod na aspeto sapagkat nagtataglay ito ng probability value na higit sa .05. Sa madaling salita, walang ugnayan ang kasarian sa pagkakaiba-iba ng katalinuhan ng mga mga mag-aaral sa mga sumusunod na aspeto: linguistic na nakakuha ng probability value na .04; intrapersonal na nakakuha ng probability value na .422; interpersonal na may probability value na .103.

Kaugnay ng pag-aaral na ito ay ang pag-aaral na isinagawa nina Szymanowicz at Funham(2013) hinggil kasarian at ang papel na ginagampanan nito sa pagsukat sa Multiple Intelligences para sa sarili, ka-partner at iba pang inaasahang target. Lumabas sa pag-aaral ng dalawa na higit na mataas ang IQ ng lalaki sa asignaturang Matematika na kabaligtaran ng kanilang sosyal at emotional intelligence. Higit na mataas ang verbal at practical IQ ng mga lalake kumpara sa mga babaeng respondente ng pag-aaral. Lumabas sa pag-aaral na magkaiba ang pagsukat ng IQ ng lalake kumpara sa babae. Magkaiba ang epekto ng kasarian sa talino at papel na ginagampanan ng kasarian sa kanilang “personal” ability estimates.

Mayroong makabuluhang epekto ang dunong ng isang tao kung iuugnay sa kanilang propayl. Mas mataas ang antas ng talino ng lalaki kumpara sa mga babaeng respondente.

Sa pag-aaral nina Iyitoglu at Aydin (2015 gamit ang teorya nina Sheorey and Mokhtari's (2001) sa metacognitive na karunungan sa istratehiya sa pagbabasa at kung paano ito nakaiimpluwensya sa mg salik gaya ng karanasan, paniniwala, kultura at ang pagiging bihasa sa paggamit ng ikalawang wika.

Lumabas sa pag-aaral na higit na matagumpay ang mga babaeng respondente ng pag-aaal sa larangang ng EFL na pagbabasa kumpara sa mga lalaking respondente. Kaalinsabay nito, lumabas din sa pag-aaral na ang EFL ay gamitin sa global na kalakaran at nakatutulong nang malaki sa istratehiya ng pagbabasa kung ang respondente ay dominante sa musical, intrapersonal na karunungan. Dagdag pa nito, ang matatalino sa larangan ng pagsasalita at musika ay madalas na gumagamit ng problem-solving na istratehiya.

**Talahanayan 13**
**Kabuluhan ng Pagkakaiba sa Pangunahing Katalinuhan**
**ng mga Kalahok Batay sa Edad**

| Katalinuhan | Karaniwang Iskor | | Computed t - Value | p - Value | Interpretasyon/ Pasya |
|---|---|---|---|---|---|
| | EA * | MLA | | | |
| Linguistic | 5.45 | 5.11 | 0.76 | 0.451 | Hindi makabuluhan/ Tanggapin |
| Mathematical | 4.72 | 4.28 | 0.78 | 0.436 | Hindi makabuluhan/ Tanggapin |
| Visual | 4.96 | 4.72 | 0.51 | 0.611 | Hindi makabuluhan/ Tanggapin |
| Kinesthetic | 4.93 | 4.28 | 1.33 | 0.185 | Hindi makabuluhan/ Tanggapin |
| Musical | 5.01 | 4.33 | 1.14 | 0.255 | Hindi makabuluhan/ Tanggapin |
| Intrapersonal | 4.74 | 4.39 | 0.79 | 0.430 | Hindi makabuluhan/ Tanggapin |
| Interpersonal | 5.45 | 5.06 | 0.83 | 0.406 | Hindi makabuluhan/ Tanggapin |
| Degrees of Freedom = 298 Level of Significance = 0.05 | | | | | |

* EA = Early Adolescence MLA = Middle and Late Adolescence

Mahalaga rin sa pag-aaral na makita ang pagkakaiba-iba ng tugon ng mga mag-aaral sa kanilang isinagawang pagtataya sa kanilang pagtugon. Sa tiyak na pagtatasa, makikita sa Talahanayan 13 ang kabuluhan ng pagkakaiba sa pangunahing katalinuhan ng mga kalahok batay sa edad

Ang lahat ng baryabol ay nagpapatunay na walang kabuluhang ugnayan ang edad sa kanilang mga katalinuhang linguistic, mathematical, visual, kinesthetic, musical, intrapersonal at interpersonal indikasyon na ang lahat ay nakakuha ng p-value na hindi bumaba sa .05. Ibig lamang nitong sabihin na kung may ugnayan man ang edad sa katalinuhan, ito ay hindi gaanong mahalaga.

**Talahanayan 14**
**Kabuluhan ng Pagkakaiba sa Pangunahing Katalinuhan**
**ng mga Kalahok Batay sa Hanapbuhay ng Ama**

| Katalinuhan | Mean Square | | Computed F - Value | p - Value | Interpretasyon/ Pasya |
|---|---|---|---|---|---|
| | Between | Within | | | |
| Linguistic | 4.609 | 3.321 | 1.39 | 0.229 | Hindi makabuluhan/ Tanggapin |
| Mathematical | 9.940 | 5.361 | 1.85 | 0.102 | Hindi makabuluhan/ Tanggapin |
| Visual | 3.744 | 3.702 | 1.01 | 0.411 | Hindi makabuluhan/ Tanggapin |
| Kinesthetic | 4.435 | 4.110 | 1.08 | 0.372 | Hindi makabuluhan/ Tanggapin |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Musical | 9.756 | 5.898 | 1.65 | 0.146 | Hindi makabuluhan/ Tanggapin |
| Intrapersonal | 3.292 | 3.427 | 0.96 | 0.442 | Hindi makabuluhan/ Tanggapin |
| Interpersonal | 0.923 | 3.846 | 0.24 | 0.944 | Hindi makabuluhan/ Tanggapin |

Degrees of Freedom = 5 and 294     Level of Significance =0.05

Masasabi rin na walang kaugnayan ang hanapbuhay ng ama sa pagkakaiba-iba ng katalinuhan ng mga mag-aaral sa lahat ng aspetong kasama sa pag-aaral batay na rin sa higit na mataas na probability value ng mga ito sa level of signifance na .05. Sinasabi lamang ng Talahanayan 14 na kung may pagkakaiba-iba man ng katalinuhan batay sa hanapbuhay ng kanilang mga ama, ang pagkakaiba-iba ay hindi gaanong mahalaga.

**Talahanayan 15**
**Kabuluhan ng Pagkakaiba sa Pangunahing Katalinuhan**
**ng mga Kalahok Batay sa Hanapbuhay ng Ina**

| Katalinuhan | Mean Square | | Computed F - Value | p - Value | Interpretasyon/ Pasya |
|---|---|---|---|---|---|
| | Between | Within | | | |
| Linguistic | 1.751 | 3.364 | 0.52 | 0.721 | Hindi makabuluhan/ Tanggapin |
| Mathematical | 3.516 | 5.463 | 0.64 | 0.632 | Hindi makabuluhan/ Tanggapin |
| Visual | 2.349 | 3.721 | 0.63 | 0.640 | Hindi makabuluhan/ Tanggapin |
| Kinesthetic | 1.214 | 4.155 | 0.29 | 0.883 | Hindi makabuluhan/ Tanggapin |
| Musical | 3.268 | 5.999 | 0.55 | 0.703 | Hindi makabuluhan/ Tanggapin |
| Intrapersonal | 3.131 | 3.429 | 0.91 | 0.457 | Hindi makabuluhan/ Tanggapin |
| Interpersonal | 1.989 | 3.822 | 0.52 | 0.721 | Hindi makabuluhan/ Tanggapin |

Degrees of Freedom = 5 and 294     Level of Significance =0.05

Katulad ng pagtalakay sa Talahanayan 14, ang hanapbuhay ng ina ay walang kaugnayan sa pagkakaiba-iba ng katalinuhan ng mga mag-aaral sa lahat ng aspetong kasama sa pag-aaral batay na rin sa higit na mataas na probability value ng mga ito sa level of signifance na .05. Sinasabi lamang ng Talahanayan 15 na kung may pagkakaiba-iba man ng katalinuhan batay sa hanapbuhay ng kanilang mga ina, ang pagkakaiba-iba ay hindi gaanong mahalaga.

Talahanayan 16
Antas ng Performans ng mga Mag-aaral Batay
sa Kanilang Marka sa Ikalawang Markahan

| Grado | F | % |
|---|---|---|
| 96 - 98 | 2 | 0.67 |
| 93 - 95 | 15 | 5.00 |
| 90- 92 | 41 | 13.67 |
| 87 - 89 | 71 | 23.67 |

| | | |
|---|---|---|
| 84 - 86 | 72 | 24.00 |
| 81 - 83 | 47 | 15.67 |
| 78 - 80 | 37 | 12.33 |
| 75 - 77 | 15 | 5.00 |
| Kabuuan | 300 | 100% |
| Karaniwang Grado = 85.4 | | |

Ipinakikita ng Talahanayan 16 ang antas ng performans ng mga mag-aaral batay sa kanilang marka sa ikalawang markahan. Lumalabas na ang karaniwang grado ng mga mag-aaral ay 85.4 na bahagdan.

Sa pagtatasa sa datos na nakalap, pinakamataas na bahagdan ng mga mag-aaral ay may grado na 84 hanggang 86 batay sa frequency na 72 na katumbas ng 24 na bahagdan. Sinundan ito ng mga mag-aaral na may grado na nasa pagitan ng 87 hanggang 89 na may frequency na 71 o katumbas na 23.76 na bahagdan.

Mahalaga na pagtuunan ng pansin sa resulta na dalawang (2) mag-aaral lamang o .67 na bahagdan ang nakakuha ng grado na nasa pagitan ng 96 hanggang 98 at may 15 mag-aaral o 5 bahagdan na nakakuha ng grado na nasa pagitan ng 75 hanggang 76.

Sa pag-aaral na isinagawa nina Day et. al (2010) sa Pamantasan ng Nottingham, lumabas sa kanilang pananaliksik na ang ilan sa mga katangian ng epektibong guro ay ang mga sumusunod: may katalinuhan, makabago, mapag-aruga, mapagkalinga at nakapokus sa mga mag-aaral. Lumabas din sa kanilang pag-aaral na ang pagiging mahusay na guro ay hindi nangangailangan ng mahabang karanasan. Sila ang mga gurong may taglay na kasiglahan habang nagtuturo, may mataas na hangaring matuto ang kanilang mga mag-aaral, may magandang relasyon, may motibasyon at lubos na inilalaan ang sarili. Idinagdag pa nila na ang isang epektibong guro ay lumilikha ng positibong klima sa pagkatuto sa pamamagitan ng pagbibigay ng mapanghamong gawain sa mga mag-aaral, pagbibigay inspirasyon sa kanila.

5. **Makabuluhang pagkakaugnay ng Multiple Intelligences propayl at performans sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral**

**Talahanayan 17**
**Kabuluhan ng Pagkakaugnay ng Multiple Intelligences at Performans sa Asignaturang Filipino ng mga Mag-aaral**

| Katalinuhan | Pearson r | p – Value | Interpretasyon/ Pasya |
|---|---|---|---|
| Linguistic | - 0.014 | 0.814 | Hindi makabuluhan/ Tanggapin |
| Mathematical | 0.014 | 0.805 | Hindi Makabuluhan/ Tanggapin |
| Visual | - 0.039 | 0.499 | Hindi Makabuluhan/ Tanggapin |
| Kinesthetic | - 0.057 | 0.322 | Hindi Makabuluhan/ Tanggapin |
| Musical | 0.126 | 0.029 | Makabuluhan/ Tanggihan |
| Intrapersonal | 0.013 | 0.821 | Hindi makabuluhan/ Tanggapin |
| Interpersonal | 0.052 | 0.372 | Hindi makabuluhan/ Tanggapin |
| Degrees of Freedom = 298 Level of Significance = 0.05 | | | |

Ipinakikita sa Talahanayan 17 na ang karamihan sa mga baryabol na naglalarawan sa multiple intelligences ay hindi makabuluhan ang ugnayan sa performans nila sa asignaturang Filipino dahil na rin sa kabiguan ng mga ito na makakuha ng probability value na higit na mababa sa .05 na level of significance.

Tanging ang katalinuhang musical ang nakapagpatunay na may kabuluhan ito sa performance ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa probability value nito na .029.

Sa pag-aaral na isinaginawa ni Reinhard (2015) hinggil sa Multiple Intelligences, kanyang inilahad na ang pamantayan ng katalinuhan gamit ang kahusayan sa wika at matematika ay matagal nang tanggap hindi lamang sa Estados Unidos kundi maging sa iba pang lupalop ng mundo. Ayon kay Reignhard, bagamat binigyan ng bagong anyo ni Howard Gardner ang paniniwalang ito sa pamamagitan ng Multiple Intelligences, ang katalinuhan sa musika ay nananatiling misteryo. Aniya pa, kahit na tinatanggap ang musika bilang bahagi ng karunungan, ang pagiging walang katulad nito ay nangangailangan ng espesyal na atensyon sa pag-aaral.

**6. Mga istratehiyang ginamit ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino batay sa Multiple Intelligences ng mga mag-aaral**

**Talahanayan18**

**Mga Istratehiyang Ginamit ng mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino Batay sa Multiple Intelligences ng mga Mag - aaral**

| Istratehiya | WM | Paglalarawan | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Graphic Organizer | 4.43 | Madalas | 2 |
| 2. Concept Map | 4.14 | Madalas | 3 |
| 3. Venn Diagram | 4 | Madalas | 5 |
| 4. Fact Storming Web | 3.43 | Minsan | 13.5 |
| 5. Spider Web | 3.29 | Minsan | 19 |
| 6. Semantic Web | 3.29 | Minsan | 19 |
| 7. Discussion Web | 3.86 | Madalas | 7 |
| 8. Data Retrieval Chart | 4 | Madalas | 5 |
| 9. Main Idea and Details Chart | 3.14 | Minsan | 23.5 |
| 10. Comparison-Contrast Chart | 4 | Madalas | 5 |
| 11. Cause and Effect | 3.29 | Minsan | 19 |
| 12. What If Chart | 3.71 | Madalas | 9 |
| 13. Event Map | 3 | Minsan | 25 |
| 14. Evaluation Pyramid | 3.14 | Minsan | 23.5 |
| 15. Positive Negative Chart | 3.29 | Minsan | 19 |
| 16. Decision Chart | 3.57 | Madalas | 11 |
| 17. Word Map | 3.71 | Madalas | 9 |
| 18. Story Board | 3.29 | Minsan | 19 |
| 19. Think-Pair-Share | 3.29 | Minsan | 19 |
| 20. Dugtungang Pagkukuwento | 3.43 | Minsan | 13.5 |
| 21. What Can You Say | 4.57 | Palagi | 1 |
| 22. Paint Me a Picture | 3.43 | Minsan | 13.5 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 23. Picture Frame | 3<br>.43 | Minsan | 13.5 |
| 24. Number Heads | 3<br>.71 | Madalas | 9 |
| 25. Broadcast Media Inspired | 3<br>.29 | Minsan | 19 |
| Composite Weighted Mean | 3<br>.59 | Madalas | |

Matutunghayan sa Talahanayan 18 ang Weighted Mean ng Kasagutan ng mga Mag-aaral sa mga estratihiyang ginagamit ng guro sa pagtuturo ng Filipinon batay sa multiple intelligences ng mga mag-aaral. Masasabi na madalas na gumagamit ng iba't ibang estratihiya ang mga dalubguro sa kanilang pagtuturo batay na rin sa composite weighted mean na 3.59.

Ang estratehiyang what can you say ang nakakuha ng pinakamataas ng weighted mean na 4.57 na may berbal na pagpapakahulugan na parati itong ginagamit ng mga dalubguro. Sinundan ito ng paggamit ng graphic organizer at concept map na nasa ranggong ikalawa at ikatlo at may weighted mean na 4.43 and 4.14 na parehong may berbal na pagpapakahulugan na madalas itong ginagamit ng mga dalubguro. Lahat naman ay nasa ikalimang ranggo ang paggamit ng venn diagram, data retrieval chart, at comparison-contrast chart na nakakuha ng weighted mean n 4.00 na may berbal na pagpapakahulugan na madalas ang paggamit dito ng mga dalubguro.

Sa kabilang dako, ang paggamit ng close map ang nakakuha ng pinakamababang weighted mean na 3.00 at nasa ika-25 ranggo sa mga istratehiyang ginagamit at may berbal na pagpapakahulugan na minsan lamang itong gamitin. Sinundan ito ng paggamit ng Main Idea and Details Chart at Evaluation Pyramid na parehong nakakuha ng weighted mean na 3.14 na may berbal na pagpapakahulugan na minsan lamang itong gamitin ng mga dalubguro sa pagtuturo. Ang mga sumusunod na istratehiya ay kasama sa mga baryabol na minsan lamang gamitin ng mga daluguro sa pagtuturo: spider web, semantic web, cause and effect, story board, think-pair-share at broadcast media inspired na pawang nasa ika-19 na ranggo at may weighted mean na 3.29; dugtungang pagkukwento, paint me a picture, at picture frame na pawang na-ika-13.5 na ranggo at may weighted mean na 3.43

7. **Makabuluhang kaugnayan ang istratehiyang ginagamit ng guro sa performans ng mga mag-aaral**

**Talahanayan 19**
**Kabuluhan ng Kaugnayan ng Istratehiyang Ginamit**
**ng mga Guro sa Performans ng mga Mag-aaral**

| Istratehiya | P<br>earson r | p<br>-Value | Interpretasyo<br>n/<br>Pasya |
|---|---|---|---|
| 1. Graphic Organizer | 0<br>.15 | 0<br>.01 | Makabuluha<br>n/ Tanggihan |
| 2. Concept Map | -<br>0.04 | 0<br>.472 | Hindi<br>Makabuluhan/<br>Tanggapin |
| 3. Venn Diagram | 0<br>.12 | 0<br>.04 | Makabuluha<br>n/ Tanggihan |
| 4. Fact Storming Web | -<br>1.41 | 0<br>.02 | Hindi<br>Makabuluhan/<br>Tanggapin * |
| 5. Spider Web | 0<br>.14 | 0<br>.014 | Makabuluha<br>n/ Tanggihan |
| 6. Semantic Web | 0<br>.20 | 0<br>.000 | Makabuluha<br>n/ Tanggihan |
| 7. Discussion Web | -<br>0.09 | 0<br>.119 | Hindi<br>Makabuluhan/<br>Tanggapin |
| 8. Data Retrieval Chart | -<br>0.22 | 0<br>.000 | Hindi<br>Makabuluhan/<br>Tanggapin * |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 9. Main Idea and Details Chart | -0.14 | 0.019 | Hindi Makabuluhan/ Tanggapin * |
| 10. Comparison-Contrast Chart | 0.02 | 0.731 | Hindi Makabuluhan/ Tanggapin |
| 11. Cause and Effect | -0.08 | 0.147 | Hindi Makabuluhan/ Tanggapin |
| 12. What If Chart | -0.04 | 0.506 | Hindi Makabuluhan/ Tanggapin |
| 13. Event Map | -0.19 | 0.001 | Hindi Makabuluhan/ Tanggapin * |
| 14. Evaluation Pyramid | -0.07 | 0.224 | Hindi Makabuluhan/ Tanggapin |
| 15. Positive Negative Chart | -0.08 | 0.145 | Hindi Makabuluhan/ Tanggapin |
| 16. Decision Chart | 0.06 | 0.319 | Hindi Makabuluhan/ Tanggapin |
| 17. Word Map | 0.06 | 0.346 | Hindi Makabuluhan/ Tanggapin |
| 18. Story Board | -0.12 | 0.037 | Hindi Makabuluhan/ Tanggapin * |
| 19. Think-Pair-Share | 0.003 | 0.961 | Hindi Makabuluhan/ Tanggapin |
| 20. Dugtungang Pagkukuwento | 0.11 | 0.05 | Makabuluhan/ Tanggihan |
| 21. What Can You Say | 0.08 | 0.193 | Hindi Makabuluhan/ Tanggapin |
| 22. Paint Me a Picture | -0.18 | 0.002 | Hindi Makabuluhan/ Tanggapin * |
| 23. Picture Frame | -0.14 | 0.015 | Hindi Makabuluhan/ Tanggapin * |
| 24. Number Heads | -0.07 | 0.257 | Hindi Makabuluhan/ Tanggapin |
| 25. Broadcast Media Inspired | 0.15 | 0.008 | Makabuluhan/ Tanggihan |
| Degrees of Freedom = 298 Level of Significance = 0.05 | | | |

* Negatibong ugnayan

Ipinakikita ng Talahanayan 19 ang ugnayan ng istratehiyang ginagamit ng mga dalubguro sa performans ng mga mag-aaral na karamihan ay nagsasabi na hindi makabuluhan ang ugnayan sapagkat higit na mataas ang kanilang probability value sa level of significance na .05.

Sa kabilang dako, ipinakikita ng mga sumusunod na baryabol na may makabuluhang ugnayan ang istratehiya ng mga dalubguro sa pagkatuto ng mga mag-aaral sapagkat higit na mababa ang kanilang probability value sa level of significance na .05. Ang graphic organizer ay nakakuha ng probability value na .01; ang venn diagram ay nakakuha ng probability value na .04; ang spider web ay may probability value na .014; ang semantic web ay may probability value na .000; ang dugtungang pagkukuwento ay may probability value na .05; broadcast media inspired ay may probability value na .008. sa kabuuan, anim (6) sa dalawampung baryabol (20 variables) ang nagsasabing may makabuluhang ugnayan istratehiya ng mga dalubguro sa pagtuturo sa performans ng mga mag-aaral

Sa pag-aaral ni ni Diaz (2011), sinasabi na ang guro ang siyang magiging tagapamatnubay ng mga mag-aaral sa magandang bukas. Gayunman, hindi maikakaila na sa bagong henerasyon ng mga kabataan ay nagiging mapili ang mga ito sa mga gurong sa palagay nila ay siyang tutugon sa kanilang pag-aaral. Kaya dapat ipagpatuloy pa ng mga guro ang pagtuklas ng mga makabagong pamamaraan at istratehiya upang maging kawili-wili at magaganyak ang mga mag-aaral sa pagpili ng guro ng mga istilo at pamamaraan. Mahalagang isaalang-alang ang kakayahan at interes ng mga mag-aaral para sa kanilang epektibong pagkatuto.

Kaugnay pa rin nito ang pag-aaral ni Cadao (2011). Sumasang-ayon ang mga tagasagot na kawili-wili ang asignaturang Filipino dahil sa katangian at kakayahan ng guro, istratehiya sa pagtuturo at dahil sa paksang-aralin. Inirekomenda niya na kailangan magkaroon ng magandang katangian at sapat na kakayahan at kaalaman ang guro sa pagtuturo upang mawili ang mga mag-aaral sa talakayan at upang matamo ang ganap na pagkatuto sa aralin. Dagdag pa niya na kailangang pumili ng mga istratehiyang aangkop sa kakayahan at kawilihan ng mg mag-aaral upang maging aktibo ang mga mag-aaral sa talakayan.

## V. KONGKLUSYON

Nabuo ang sumusunod na kongklusyon batay sa mga datos na nakalap: 1.Karamihan sa mga respondente ng pag-aaral ay mga babae; nasa edad na 14; ang ama ay mga manggagawang may kasanayan; samantalang ang ina naman ay mga walang hanapbuhay. 2. Higit na nakararami ang mga respondente o mag-aaral na naniniwala sa kanilang katalinuhan lalong higit kung ang pag-uusapan ay ang kanilang katalinuhang linguistic at interpersonal. Halos umabot sa kalahati ng bilang ng mga mag-aaral o respondente ang kanilang pagtataya sa iba pang mga karungan na kasama sa mga indikasyon ng pag-aaral sa mga sumusunod: Ang karunungang musical; malapit dito ang karunungang visual. Pinakamababa ang Kabuuang iskor ng mga sumusunod na indikasyon: Matematical at intrapersonal. 3.Hindi makabuluhan ang pagkakaiba-iba ng mga pangunahing katalinuhan ng mga kalahok batay sa kanilang kasarian. Sa pagtatasa ng iba't ibang baryabol, makikita na makabuluhan ang pagkakaiba ng mga mag-aaral sa aspetong mathematical, visual, kinesthetic, at musical; Kung may ugnayan man ang edad, hanapbuhay ng ama at ina sa katalinuhan ng mga respondente, ang ugnayan ay masasabing hindi mahalaga. 4. Ang karaniwang grado ng mga mag-aaral ay 85.4 na bahagdan.5. Karamihan sa mga baryabol na naglalarawan sa multiple intelligences ay hindi makabuluhan ang ugnayan sa performans nila sa asignaturang Filipino; Tanging ang katalinuhang musical ang nakapagpatunay na may kabuluhan ito sa performance ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. 6. Madalas na gumagamit ng iba't ibang istratihiya ang mga dalubguro sa kanilang pagtuturo ng asignaturang Filipino; Ang istratehiyang what can you say ang pinakagamitin ng mga dalubguro. 7. Hindi makabuluhan ang ugnayan ng istratehiyang ginamit ng mga dalubguro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa performans ng mga mag-aaral, maliban sa mga sumusunod: paggamit ng graphic organizer; venn diagram; spider web; semantic web; dugtungang pagkukwento; broadcast media inspired.

### SANGGUNIAN.


**Books:**

*[1]* Badayos, Paquito B. (2012). *Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika. Manila: Grandbooks Publishing, Inc.*

*[2]* Corpuz, Brenda B. (2013). *Principles of Teaching 1; 3rd Edition. Metro Manila: Lorimar Publishing, Inc. p.9*

*[3]* Zulueta, Francisco M. (2012). *Principles of Teaching and Teaching Strategies. Mandaluyong City: National Bookstore.*

**Journal Papers:**

*[4]* Iyitoglu, Orhan at Aydin, Hasan (2015) *The Relationship Between Multiple Intelligence Profiles and Reading Strategy Use of Successful English as a Foreign Language (EFL) readers.* South African Journal of Education. *May2015, Vol. 35 Issue 2, p1-11. 11p.*

[5] Gardner, H. (2011). Promoting Learner Engagement Using Multiple Intelligences and Choice-based Instruction. Adult Basic Education & Literacy Journal, 5(2), 97–101. Retrieved from Academic Search Complete database. (Accession No. 65148834)

[6] McConnell, M. M. (2015). Reflections of the Impact of Individualized instruction. National Teacher Education Journal, 8(1), 53–56. Retrieved from EBSCOhost database. (Accession No. 110268129)

*[7]* Szymanowicz, Agata at Furnham, Adrian (2013)*Gender and Gender Role Differences in Self- and Other-Estimates of Multiple Intelligences. Journal of Social Psychology. 2013, Vol. 153 Issue 4, p399-423. 25p. 6 Charts.*

**Chapters in Books:**

*[8]* Del Castillo, Fides Antonio (2013). *Teaching Values Using Creative Strategies. Quezon City: Great Books Publishing, pp.41-45*

*[9]* Salandanan, Gloria G. (2012). *Methods of Teaching; 2nd Edition.Metro Manila: Lorimar Publishing, Inc. pp. 89-90*

*[10]* P.O. Bishop, Neurophysiology of binocular vision, in J.Houseman (Ed.), *Handbook of physiology*, 4 (New York: Springer-Verlag, 1970) 342-366.

*Note that the place of publication, publisher, and year of publication are enclosed in brackets. Editor of book is listed before book title.*

**Theses:**

[11] D.S. Chan, *Theory and implementation of multidimensional discrete systems for signal processing*, doctoral diss., Massachusetts Institute of Technology, Cambridge, MA, 1978.

*Note that thesis title is set in italics and the university that granted the degree is listed along with location information*

**Proceedings Papers:**

[12] W.J. Book, Modelling design and control of flexible manipulator arms: A tutorial review, *Proc. 29th IEEE Conf. on Decision and Control*, San Francisco, CA, 1990, 500-506

[13] Menevis I ˙Pek at Ozad Bahire Efe (2014) Do Age and Gender Influence Multiple Intelligences? Eastern Mediterranean University SOCIAL BEHAVIOR AND PERSONALITY, 2014, 42(Suppl.), S9-S20 © Society for Personality Research http://dx.doi.org/10.2224/sbp.2014.42.0.S9